BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Marso 24, 2022
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.760.0285

## Distrito ng Hangin, nakipag-areglo sa kaso sa Valero Refining Co.

*Refinery, magbabayad ng $345,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin na hindi nauugnay sa kamakailang kaso sa Lupon ng Pagdinig*

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ngayong araw ng Distrito sa Pamamahala ng Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na nakipag-areglo ito hinggil sa 17 Paunawa ng Paglabag laban sa Valero Refining Co., na nagkakahalaga ng $345,000 para sa mga paglabag sa refinery nito sa Benicia.

Ibinigay ang Mga Paunawa ng Paglabag sa kumpanya dahil sa hindi pagsunod sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin noong 2017. **Hiwalay at hindi nauugnay ang pakikipag-areglo na ito sa kautusan sa pag-abate ng Distrito ng Hangin dahil sa isang inspeksyon noong 2019 kung saan napag-alaman ang mga hindi naiulat na emisyon ng mga mapanganib na organic compound.**

“Ang daan-daang puntos sa emisyon sa bawat refinery ay nangangailangan ng regular na inspeksyon, pagsubaybay, at pagsusuri ng datos ng Distrito ng Hangin,” ayon kay Damian Breen, senior deputy na tagapagpaganap na opisyal ng pagpapatakbo/pagpapatupad ng Distrito ng Hangin. “Ang mga multa dahil sa pagsubaybay na iyon ay nagtitiyak na aayusin at iiwasan ng mga pasilidad ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa hinaharap. Nakakatulong ito sa pagprotekta sa kalusugan ng publiko.”

Kasama sa mga paglabag na tinutugunan sa kasunduang ito ang:

- Anim na paglabag para sa labis na nakikitang emisyon.
- Tatlong paglabag para sa pagkakaabala ng publiko.
- Tatlong paglabag para sa paglampas sa mga limitasyon sa Carbon Monoxide.
- Isang paglabag para sa paglampas sa mga limitasyon sa Sulfur Dioxide.
- Dalawang paglabag para sa paglampas sa mga limitasyon sa Nitrogen Oxide.
- Isang paglabag para sa langi sa isang tank roof.
- Limang paglabag para sa late na pag-uulat.

Ang lahat ng paglabag na humantong sa pakikipag-areglo na ito ay naitama na.

Nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang kailangang tumugon sa paunawa sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga aksyon

na gagawin nila para itama ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aareglo ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Distrito ng Hangin tulad ng inspeksyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aareglo na ito.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*